# MUSIKA
## Ika-apat na Baitang
## Modyul 21

## TEMPO NG AWIT



### ALAMIN MO

Ang **tempo** ay isang elemento ng musika na tumutukoy sa **bilis** o **bagal** ng awit o tugtugin.



### GAWIN MUNA

1. Tukuyin mo kung alin sa mga larawan ang nagpapakita ng mabagal na pagkilos. Lagyan ng ✓ ang larawan. Ano ang dahilan at mabagal silang kumilos?

| | | |
|---|---|---|
| Pasyente sa hospital | Unahan sa takbuhan | Tumatawid sa matarik na tulay |
| Sasakyan sa highway | Matandang Malabo ang mata | Hinahabol ng aso |



2. Bigkasin ang “rhyme” at ipalakpak ang ritmo nito.

**COKE KO ‘TO!**

Ito ang beat
Sabay-sabay
Ito ang beat
Bawal sablay

Pabilis ng pabilis
Wag mag mi-miss
Wag nang MY-MYX
Gets mo na? Gets ko na!!

*Aaaaaaahhhhh!*
Coca-Cola!!!

Nalilito, Nalilito
Nahihilo, Nahihilo
Coke to toh!
Coke to toh!!
Coke ko toh!!!

Sagutin:


Paano mo binigkas ang “rhyme”?
Paano mo ipinalakpak ang ritmo nito?
Bakit mo isinagawa ito nang mabilis?



## PAG-ARALAN MO


A. Sa musika ay mayroon ding iba’t ibang bilis o bagal.

1. Pag-aralan mo ang awiting “Vacation Time” . $\frac{2}{4}$ , A, so




2. Awitin mong muli at sabayan mo ng martsa.

   a. Ano ang tempo ng awit?
   b. Anong damdamin ang ipinahihiwatig nito?
   c. Angkop ba ang tempong ginamit sa damdaming ipinahihiwatig ng awit?
   d. Kailan ginagamit ang mablis na tempo sa pag-awi



## ISAISIP MO

Ang tempong mabilis ay ginagamit sa mga awit o tugtuging may kasiyahan o kasiglahan tulad ng kaarawan, piyesta at iba pang selebrasyon.

B. Sa pagkakataong ito ay may iba ka pang tempong pag-aaralan.


1. Gayahin mo ang kilos ng mga sumusunod:

   a. lumalakad na bibe
   b. lumalakad na elepante
   c. pagong
   d. matandang masakit ang baywang

   Paano ka kumilos?
   Bakit kaya mabagal silang kumilos?



2. Pag-aralan mo ang awit na “Lullaby”.




3. Suriin mo ang awit.

    a. Anong uri ng awit ang “Lullaby”?
    b. Anong damdamin ang ipinahihiwatig nito?
    c. Paano mo ito aawitin? Bakit?
    d. Kailan pa umaawit nang mabagal?

4. Kumuha ka ng manika o kargahin mo ang maliit mong kapatid at awiting muli ang awit sa tamang tempo.




## ISAISIP MO

Ang mabagal na tempo ay ginagamit sa awiting nagpapahayag ng kalungkutan, awit na pampatulog, sa pagmamahal at sa pagdarasal.

C. Nalaman mo na may mabilis at mabagal na tempo at kung kalian ito ginagamit.

   Ano naman kaya ang ipinahihiwatig ng awiting ito?




Pag-aralan mo ang awiting “Chumbara” . $\frac{2}{4}$ , Eb, do. Ito ay isang awiting bayan sa (France) Pransya.

2. Suriin mo ang awit.


   a. Tungkol saan ang awit?
   b. Ano ang damdaming ipinahihiwatig nito?
   c. Ano ang bagay na tempo ng awit?
   d. Kailan tayo umaawit nang may katamtamang bilis?
   e. Anong salita ang nakalagay sa iskor ng musika na nagsasabi kung paano ito awitin?



## SUBUKAN MO

Sa mga awit na malimit nating marinig, ibigay ang angkop na tempo ng awit.

1. Pilipinas Kong Mahal
2. Happy Birthday
3. Jingle Bells
4. Pasko ay Sumapit
5. May Bukas Pa



## TANDAAN MO

Ang tempo ay ang bilis o bagal ng isang awit o tugtugin. May tempong mabilis, mabagal at katamtaman lamang.

Ang tempong katamtaman ang bilis ay ginagamit sa mga awit o tugtuging palagay lang ang loob at di-matindi ang sigla.






## PAGTATAYA

Ano ang tempo ng mga sumsunod na awit?

1. Pen pen de Sarapen
2. Ili-ili Tulog Anay ________________
3. O Narianag A Bulan ________________
4. Dandansoy _________________
5. Manang Biday __________________



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

